# Kabanata 20

## Sa kabanatang ito:

Bakit Napapatrabaho sa Prostitusyon ang mga Babae . . . . . . . . . 342
Kuwento ng isang mahirap na babae . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 342
Problema sa Kalusugan ng mga Babaeng Nagtatrabaho sa Prostitusyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 344
INP, kasama ang HIV/AIDS . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 344
Pagbubuntis. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 345
Karahasan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 345
Paano Pangalagaan ang Sarili Laban sa mga INP, Kasama ang HIV/AIDS . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 346
Panlunas sa INP kapag pumalya ang proteksyon . . . . . . . . . . . . . . . . . 347
Pagkilos para sa Pagbabago. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 348
Negosasyon sa paggamit ng condom . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 348
Lakas sa pag-oorganisa. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 349

# Kababaihang Nagtatrabaho sa Prostitusyon




Ang mga unyon ng mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon ay nagdedemanda ng proteksyon sa mga legal at pantaong karapatan nila.

Ang pagtatrabaho sa prostitusyon ay pagbebenta ng pakikipagtalik kapalit ng pera o iba pang pabor. Akala ng karamihan, lahat ng mga babaeng nasa prostitusyon ay may katiting na damit, nakikipaglandian sa mga lalaki, at nagtatrabaho sa mga bahay-aliwan o sa kalsada. Pero magkakaiba ang katangian ng mga babaeng nagbebenta ng seks. Maaaring batang babae siya, o matandang babae na may 6 na anak sa bahay. Maaaring nagtatrabaho siya sa bahay-aliwan, sa bar o club, sa kalye na may *bugaw*, o sa sariling bahay. Magkatulad ang karamihan sa pagbebenta ng seks dahil sa desperadong pangangailangan sa pera.

**➼ Tulad din ng ibang babae, ang mga babaeng nasa prostitusyon ay nagtatrabaho para mabuhay**.

Sa librong ito, hindi namin ginamit ang salitang ‘puta’. Para sa maraming tao kasi, nasa isip na nila na masamang babae na dapat parusahan ang puta. Dinidiin ng terminong ‘babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon’ ang katotohanan na tulad ng ibang babae, nagtatrabaho sila para mabuhay. Ito rin ang rason na tinatawag ditong ‘kliyente’ o ‘kustomer’ ang mga lalaking bumibili ng seks.

Meron ding maraming babae na hindi tinuturing ang sarili na nagtatrabaho sa prostitusyon, pero nagbebenta paminsan-minsan ng seks para sa mga pabor, tulad ng tirahan o trabaho. Tinatawag namin itong ‘pakikipagtalik para mabuhay’. Hinaharap nila ang marami sa mga problema ng nagtatrabaho sa prostitusyon.


Layunin ng kabanatang ito na magbigay ng impormasyon sa problema sa kalusugan ng mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon, at kung paano nila matutulungan ang isa’t isa. Makakatulong din itong maunawaan ng mga tao kung ano ang buhay para sa mga babaeng kailangang magbenta ng seks para mabuhay.

## Bakit Napapatrabaho sa Prostitusyon ang mga Babae

**Mas nanaisin ng karamihan ng babaeng nagbebenta ng seks na magkatrabaho na maayos ang kita at nagbibigay ng dignidad at respeto.**

Akala ng maraming tao, nagtatrabaho sa prostitusyon ang mga babae dahil imoral sila o masyadong tamad para humanap ng ibang trabaho. Pero ginagawa ito ng karamihan dahil kailangan nila ng pera at walang ibang paraan para kumita. Kailangan nila ng pera para sa pagkain at tirahan, para suportahan ang mga anak at pamilya, para magbayad ng utang, o para bumili ng droga.

Madalas lumilitaw ang desperadong pangangailangan na ito sa mga sitwasyong hindi makontrol ng babae. Halimbawa, namatay ang asawa, hiniwalayan siya, o inabandona ng asawa o pamilya. O ginahasa siya o nabuntis nang wala sa plano kaya wala nang gustong magpakasal sa kanya. Kung wala siyang kasanayang panghanapbuhay o paraan para kumita, ibinebenta niya ang tanging pag-aari—ang sariling katawan—para mabuhay.



Walang sapat na pera ang babaeng ito para makatapos ng pag-aaral. Hindi siya makakita ng trabaho, kaya kailangan niyang magbenta ng seks para mabuhay.

### KUWENTO NG ISANG MAHIRAP NA BABAE


Alas-9 araw-araw, lumalabas si Nawal (hindi niya tunay na pangalan) mula sa maliit na kuwarto nilang mag-asawa, kinakandado niya sa loob ang 2 maliit na anak, at naglalakad siya patungo sa isang mayamang parte ng bayan kung saan siya 'nagtatrabaho'. Suot ang isang tradisyonal na damit na kupas na ang kulay, at isang mumurahing itim na bandana na maluwag na nakabalabal sa ulo, mukha siyang karaniwang mahirap na babaeng nasa lahat ng dako ng Cairo, Egypt. Pero iba siya. Si Nawal ay 20 taong gulang at nagtatrabaho sa prostitusyon.

May kalye na 'tinatrabaho' si Nawal hanggang mag-alas-2 o 3 ng hapon, at kumikita siya ng humigit-kumulang US$6 bawat araw. Hindi siya nagtatrabaho kung Biyernes o mga banal na araw para may panahon makasama ang pamilya: ang asawa niya, na pana-panahong manggagawa sa konstruksyon, at 2 anak—4 na taong lalaki at 1 taon na babae.

Bulag ang tatay ni Nawal at nagpapalimos sa central Cairo. Nang bata pa si Nawal, mas matagal pang nasa kalye siya na akay-akay ang ama kaysa nasa bahay. Ni hindi niya nakita ang kanyang nanay. Sa edad na 13, nag-asawa si Nawal. Makaraan ang dalawang

Ang ibang babae ay napupuwersang magtrabaho sa prostitusyon. Madalas, naloloko ang mga babae na may magandang trabaho o mayamang asawa sa ibang bansa, pero sa halip ay ibinebenta sa prostitusyon. Pagkatapos, halos imposible nang huminto. Maaaring hindi legal ang pagpasok niya sa ibang bansa kaya wala siyang mga karapatan, walang pera, at walang paraang makauwi. Maaaring may malaking utang siya na dapat bayaran, o tinatakot na sasaktan ng amo kung aalis. Naging sekswal na alipin na siya.

**Dahil maraming lalaki ang natatakot na magka-HIV/AIDS kung sa nakatatandang babae sa prostitusyon makipagseks, may lumalaking hatak sa mga batang babae na pumasok sa bentahan ng seks.**



Ibinenta ang batang babae ng pamilya niya sa pag-aakalang magkakatrabaho sa ibang bansa. Sa halip, ibinenta siya muli sa may-ari ng bahay-aliwan na pumupuwersa sa kanya na magbenta ng seks.



Nawalan ng bahay at lupa ang babaeng ito nang mamatay ang asawa, dahil walang batas na nagsasabing sa kanya dapat ipamana ang ari-arian ng lalaki. Kaya wala siyang pera ngayon. Nagsimula siyang magbenta ng seks para mapakain ang mga anak.


taon, matapos isilang ang una niyang anak, kinailangan niyang humanap ng trabaho. Pakaunti nang pakaunti ang nakukuhang trabaho ng kanyang asawa. Dahil walang edukasyon at kasanayan, sinubukan ni Nawal na magtrabaho bilang tagalinis ng bahay sa isang gusali ng mga apartment. Pero huminto siya dahil kapalit ng pagpapakilala sa mga kustomer, gusto ng mga guwardya ng gusali na makipagtalik sa kanila.

Hindi ginagamit ni Nawal ang salitang ‘puta’ para ilarawan ang sarili. Tagapagsilbi ang tawag niya sa sarili. Alam niyang kailangan mag-ipon ng pera para sa mga anak: “Gusto kong makapag-aral ang mga anak ko para hindi sila lumaking mga kriminal.”

Dahil hindi tinuturing na ‘totoong’ trabaho ang ginagawa, walang anumang tulong mula sa gobyerno o sa pulis si Nawal at libu-libo pang babaeng tulad niya. Maraming beses nang nanakawan si Nawal, pero walang tumutulong sa kanya. Sa opisyal na mga ulat, wala siya at ang mga babaeng katulad niya. Ang tunay na pinagtataka niya, maraming tao ang nag-aakalang gusto niya ang ganitong trabaho. Hindi ito totoo. Wala lang siyang alam na mas magandang paraan para mabuhay.

—mula sa isang panayam ni Ahmed Badawi

# Problema sa Kalusugan ng mga Babaeng Nagtatrabaho sa Prostitusyon



Sa ilang mga komunidad, aabot sa 9 sa bawat 10 babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon ang may HIV na impeksyon.


## INP, KASAMA ANG HIV/AIDS

Dahil sa kanyang trabaho, mas mataas ang panganib ng babaeng nasa prostitusyon na kapitan ng *impeksyon na naihahawa sa pagtatalik* (*INP*) at HIV/AIDS kaysa sa ibang mga babae. Mas mapanganib dahil mababa ang kita sa prostitusyon, kaya kailangan ng maraming kliyente bawat araw. Gustuhin man niyang protektahan ang sarili ng condom at iba pang *mas ligtas na pakikipagtalik*, puwedeng pahirapan siya ng mga lalaking nagbabayad. Puwedeng ipilit nila ang pagtatalik sa *puwerta* o sa *puwit* at umayaw sa pag-condom. Baka nga maging marahas pa sila kung tumanggi ang babae sa mga di ligtas na seks.

Kung sugapa sa droga ang babae, maaaring maitulak siya na ipagpalit ang di ligtas na pagtatalik sa pera o droga, at mabawasan ang kakayanan na alagaan ang sarili.

Katulad ng sinumang babae, kung magka-INP ang babaeng nasa prostitusyon, maaari siyang *mabaog* o magka-*kanser* sa *cervix*. Ang mga INP tulad ng herpes, syphilis, gonorrhea o chlamydia ay nagpapalaki nang husto sa tsansa niyang magka-HIV/AIDS. Lalo pang malala ang mga panganib na ito sa mga batang babae. Dahil hindi pa ganap ang paglaki ng kanilang *ari*, mas madali itong mapinsala sa pakikipagtalik.

Maraming mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon ang walang maayos na impormasyon tungkol sa mga INP, o sa paggamot o pag-iwas sa mga ito. Madalas, sarado sa kanila ang mga impormasyon at serbisyong pangkalusugan dahil sa diskriminasyon. Kapag pumunta ang babaeng nasa prostitusyon sa health center para magpatulong, maaaring tratuhin siya nang masama o tanggihan ng serbisyo.



**Mga babaeng nasa prostitusyon ba ang responsable sa HIV/AIDS?**


Mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon ang sinisisi sa kalakhan ng epidemya ng AIDS. Pero mga lalaking bumibili ng seks ang nagpapasa ng impeksyon sa kanila **at** madalas sa sariling mga asawa. Dahil iba ang sinisisi, hindi tumatanggap ng responsibilidad ang mga lalaking ito sa pagkalat ng mga sakit.

**Gusto** ng mga babaeng nasa prostitusyon ang mas ligtas na seks. Pero maaaring hindi HIV/AIDS ang iniisip nilang pinakamabigat na problema. Madalas, may mas kagyat at pang-araw-araw na problema—tulad ng masamang pagtrato ng pulis, mababang kita, madumi at mahal na motel, sakit-sa-ulo o marahas na kalalakihan, at mga problema sa kalinisan, sapat na pagkain at pangangalaga sa mga anak. Kung magka-HIV man, maaaring walang ibang pagpipilian kundi magbenta pa rin ng seks para mabuhay. Sabi nga ng isa:

> "Busog sila habang sinisisi kami. Kailangan kong pakainin ang sarili at mga anak. Kailangang makapag-aral ang mga anak ko. Kung mangangaral na nakamamatay ang AIDS tapos walang ipapalit na trabahong maganda ang kita, eh parang sinabihan na rin akong mamatay sa gutom. Para sa akin, ito lang ang paraan para manatiling buhay."

## PAGBUBUNTIS

Kailangan ng mga babaeng nagbebenta ng pagtatalik ng ligtas at murang paraan ng *kontrasepsyon* para mapigilan ang pagbubuntis. Kung wala sa komunidad niya ang mga paraang ito, malamang magkaroon ng di gustong pagbubuntis ang babae. Kung ipagpatuloy niya ang pagbubuntis at kailangan ring ipagpatuloy ang pagbebenta ng seks, nilalagay niya sa panganib ng mga *kumplikasyon* o INP kapwa ang sarili at ang kanyang dinadala. O maaaring isipin niyang wala nang ibang magagawa kundi magpailalim sa di ligtas na *pagpapalaglag*. Delikado ang lahat ng mga sitwasyong ito.



**pagpili ng paraan ng kontrasepsyon, 200 at 224**
**di ligtas na pagpapalaglag, 241**

## KARAHASAN

Maaaring nasa bahay para sa prostitusyon o sa kalye ang mga babaeng nasa prostitusyon. Dahil sa mga kondisyong ito, mas madali siyang madahas, magahasa, o manakawan, laluna kung bata pa. Kung 'pag-aari' o hawak siya ng lalaki na pumaparte sa kita (bugaw), madalas nandadahas ito para mapanatili ang kontrol sa kanya.




**pagtatanggol sa sarili para sa kababaihan**

**➡ Sa ilang mga lugar, puwedeng maaresto ang babae sa kasong prostitusyon dahil lang may condom para sa sariling proteksyon.**

Dahil ilegal sa karamihan ng mga bansa ang prostitusyon, madalas walang anumang legal na karapatan ang nagtatrabaho rito. Hindi sila protektado mula sa abuso ng pulis, o kailangang magbayad ng malaki kapalit ng 'proteksyon'. Dahil kadalasan ay proteksyon mula sa mga 'imoral' na babae ang laman batas, maaaring maaresto, mabugbog, magipit, o *magahasa* ng pulis ang babaeng nasa prostitusyon.



Kung minamaltrato ka ng batas dahil nagtatrabaho ka sa prostitusyon, sikaping dagdagan ang kaalaman sa iyong mga karapatan. Baka may grupo sa iyong syudad o bansa para sa karapatan ng mga nasa prostitusyon. O maaaring sumulat ka sa isa sa mga organisasyong nasa pahina 557 para sa payo sa pag-oorganisa ng grupo.

## Paano Pangalagaan ang Sarili Laban sa mga INP, Kasama ang HIV/AIDS

Kung pinagpapalit mo ang seks sa pera, tirahan o iba pang klase ng suporta, kailangan mong protektahan ang sarili mula sa mga INP at HIV/AIDS. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang kabanata sa 'Mas Ligtas na Pagtatalik' sa pahina 189, at ang mga kabanata tungkol sa "Mga Sakit na Naihahawa sa Pagtatalik at Iba Pang Impeksyon sa Ari" (pahina 261) at "Pagpaplano ng Pamilya" (pahina 197).


Narito ang ilan pang mga ideya:

- Mag-*latex* condom tuwing makikipagtalik. Tiyakin na may condom ka palagi sa trabaho.
- Mas ligtas ang pagtatalik gamit ang kamay (*pagsalsal*), bibig o sekswal na kuwento (*pantasya*) kaysa pagtatalik sa puwerta o puwit, kung hindi mo kayang mapagamit ng condom ang kustomer mo.



- Kung hindi ka makagamit ng panlalaki o pambabaeng condom (tingnan ang p. 202 hanggang 204), magbibigay ang diaphragm (tingnan ang p. 205 at 206) ng proteksyon, pero mas mahina kaysa sa condom. Puwedeng mag-diaphragm ka bago mag-umpisa ng trabaho, sakaling ayaw mag-condom ng lalaki.

  Para makaiwas sa pagbubuntis, ginagamit ang diaphram katambal ng spermicide. Pero ang sobrang dalas na pag-spermicide ay makakairita sa balat ng puwerta, na magpapadali sa pagtagos ng mikrobyo at pagkapit ng INP, lalo na ng HIV. Mas malamang hindi makairita ang spermicide kung lalaktwan ng isang araw ang paggamit. Ibig sabihin, para sa mga babaeng nasa prostitusyon, hindi magandang paraan ng kontrasepsyon ang diaphragm na may spermicide.



**MAHALAGA** ***Huwag gumamit ng mga kemikal tulad ng bleach o sabon na panlaba para hugasan ang loob ng puwerta. Makakadulot ito ng malubhang pinsala!***

- Inspeksyunin ang ari ng lalaki bago ka makipagtalik kung may mga sugat o nagnanaknak o lumalabas na *discharge*. Huwag makipagtalik na walang proteksyon sa sinumang may palatandaan ng INP. Tandaan na hindi mo malalaman sa hitsura kung may HIV/AIDS ang tao.

**"Kung ayaw nilang mag-condom, tinatanong ko kung nakikinig sila ng balita. Kung nadinig na nila ang AIDS. Sinasabihan ko silang ayaw kong makipagsapalaran."**
**—Jolanda**

**Para maprotektahan ang sarili at iba mula sa mga INP, kailangan ang mas ligtas na pakikipagtalik sa iyong mga kustomer at pati na sa iyong asawa o boyfriend.**

## PANLUNAS SA INP KAPAG PUMALYA ANG PROTEKSYON

Pinakamahusay palagi ang mas ligtas na pagtatalik para iwasan ang mga INP. Pero pumapalya minsan ang mga ito. Puwedeng mapunit ang condom o umayaw ang mga kustomer.

**Maaaring tumungo sa malalang karamdaman at maging kamatayan ang INP na hindi maagap na nagagamot.**

### *Maagang magpagamot*

Kung sa tingin mo ay nahawa ka ng INP, makakapigil ang maagang pagpapagamot na lumala pa ang impeksyon. Maaaring tumungo sa malalang karamdaman at maging kamatayan ang INP na hindi maagap na nagagamot.




Kung kaya, magpa-eksamin nang regular para sa INP. Kung may mga palatandaan ka ng INP—discharge o pagdurugo mula sa puwerta, pananakit o sugat sa iyong ari, o pananakit sa iyong puson—magpatingin agad sa isang health worker na may kasanayan sa panggamot ng mga INP. Kahit wala kang palatandaan ng impeksyon, pumunta sa health center o klinika nang di bababa sa minsan bawat buwan kung madalas kang may di ligtas na pagtatalik. Kung may condom ka sa bawat pagtatalik, maaaring mas madalang kaysa rito ang pagpunta mo sa health center.

Dahil malamang hindi mo alam kung sa anong INP ka nahawa, dapat gamutin ka sa pinakamaraming makakaya. Magkakaibang *antibiotic* ang gamot sa iba't ibang INP, kaya maaaring kailangan mong sabay-sabayin ang maraming medisina. Tandaan, walang gamot na magpapagaling sa HIV/AIDS. Tingnan ang kabanata sa "Mga Sakit na Naihahawa sa Pagtatalik at Iba Pang Impeksyon sa Ari" para sa dagdag na impormasyon kung paano ginagamot ang mga INP.

### *Pagtesting para sa AIDS*

Kung gusto mong ma-test para sa HIV, tingnan ang pahina 288. Tanungin ang lokal na klinika kung may Pambansang Programa sa Pagkontrol ng AIDS. Baka may ispesyal na programa sa HIV-test para sa mga nagtatrabaho sa prostitusyon, at paglunas sa kanilang mga problema sakaling may AIDS.

**MAHALAGA** ***Kapag naka-antibiotics ka para gamutin ang mga INP, tiyaking maubos ang rekomendadong dosis sa buong tinakdang panahon. Kung mas kaunti ang gagamitin mo, o babawasan mo ang bilang ng araw ng paggamit, maaaring mawala ang mga palatandaan mo, pero buhay pa rin ang impeksyon sa katawan at patuloy na pumipinsala. Sa susunod na subukan mong gamutin ito, mas mahirap nang pagalingin. Kailangan mo na ang iba at mas mahal na mga gamot. Maraming gamot na tumatalab dati sa mga INP pero hindi na mabisa ngayon dahil mali ang paggamit ng mga tao.***

# Pagkilos para sa Pagbabago

**Para matuto sa pakikipagnegosasyon sa paggamit ng condom, makipagtulungan sa iba mong katrabaho. Maghatian kayo ng gaganaping papel at mag-ensayo ng sasabihin.**

## NEGOSASYON SA PAGGAMIT NG CONDOM

Para mas maraming lalaki ang mag-condom, dapat paniwalaan nila na para sa kapakanan nila at ng katalik ang pag-iwas sa INP, kasama na ang HIV/AIDS. Pinakamahusay na sa komunidad gawin ang ganitong klase ng edukasyon.

Makakatulong ang lahat ng nagtatrabaho sa prostitusyon kung magkakaisa na gawing karaniwan o inaasahang ugali ang pag-condom. Sa gayon, gugustuhin na ng mga kustomer ang paggamit ng condom.

Kapag may kustomer ka, importante ang iyong paninindigan. Kung naniniwala ka sa sarili mo at alam mo ang sinasabi mo, mas malamang makumbinse mo ang lalaki na tama ang pag-condom. Eto ang ilang mga ideya:

- Ipaliwanag na magagawa ng condom na:
  - » protektahan siya at pati na ikaw mula sa sakit.
  - » mapababa ang tsansa na mapasahan niya ng INP ang kanyang asawa.
  - » mapatagal ang pagtatalik at kasiyahan niya.
- Sabihan siya na gagawin mo pa ring kasiya-siya ang seks para sa kanya.
- Kung ginagawa mo ang pagtatalik gamit ang bibig (oral sex), aralin ang paglalagay ng condom gamit ang iyong bibig.



**Isang babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon sa isang disco club sa Duala, Cameroon, ang nagsalaysay ng kuwentong ito:**

Sa pinagtatrabahuhan ko, naiintindihan namin ang panganib sa aming kalusugan at buhay mula sa HIV at AIDS, kaya binibigyan ng condom ang lahat. Tinuturuan namin ang mga kustomer na para rin sa kapakanan nila ang proteksyon. Payag na ang karamihan ng kustomer ngayon. Ginagawa naming kasiya-siya ang pagtatalik, para bumalik pa sila.

Pero palaging may mga lalaking nag-aakala na 'tunay na lalaki' sila kung hindi magcocondom. Kapag wala raw 'suot,' tunay ang nalalasap nila. Sa karanasan namin, kapag 4 o 5 beses nang pumalya ang lalaki sa paghahanap ng papayag sa di ligtas na seks, umaalis na lang siya, o pumapayag na rin para maranasan kung pareho nga lang ang kasiyahan kapag may condom. Kung pinipilit ang di ligtas na seks, grupo naming itinataboy siya palabas.

Hindi namin gustong mawalan ng kustomer, pero pinapahalagahan namin ang aming buhay at kalusugan. Unti-unti, nagbabago rin ang kalagayan. Sa pinagtatrabahuhan namin, ang paggamit ng condom ay tanda rin ng paggamit ng utak.




Nag-oorganisa ang mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon para mapabuti ang kanilang buhay. Pareho rin sa ibang babae ang gusto nila sa buhay.

## LAKAS SA PAG-OORGANISA

Dahil sa mababang *katayuan* bilang mahihirap na babae at nasa prostitusyon, minsa'y nakakadama sila na wala nang halaga at hindi na kayang baguhin ang buhay. Kung mag-isa siya, mahirap para sa babaeng nasa prostitusyon na igiit sa kustomer ang pag-condom, o ipagtanggol ang sarili mula sa karahasan.

Pero sa maraming lugar, natutunan ng mga babaeng nasa prostitusyon na kung magsasama-sama, mas may kapangyarihan silang mapabuti ang buhay. Sa ilang mga lugar, nag-oorganisa ang mga babae para mapahusay ang kalagayan sa trabaho—ginigiit nilang mag-condom ang mga kustomer, o nilalabanan ang pagmaltrato ng mga pulis. Sa ibang mga lugar, nagsimula ng mga programa para matuto ng bagong kabuhayan nang di na gaanong umasa sa pagbebenta ng seks.

Eto ang ilang mga ideya na ibinahagi ng mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon sa buong mundo kung paano sila nagtutulungan at nakikipagtulungan sa iba para mapabuti ang kanilang buhay.

**Turuan ang isa't isa kung paano maging mas ligtas ang trabaho.** Puwedeng maggrupo at pag-usapan ang mga ito:

- paano gumamit ng condom para mapigilan ang mga INP, kasama na ang HIV/AIDS, at paano makapagpagamot ng INP kung kailangan.
- paraan ng kontrasepsyon, paano ito makukuha, at paano ito gagamitin.
- paano pumili ng kustomer at umiwas sa mga delikadong sitwasyon.
- paano suportahan ang isa't isa para harapin ang pamimilit ng isang kustomer.
- paano malimita ang oras na ginugugol sa bawat kustomer.

**"Nagtatrabaho dati ako sa isang club kung saan hindi kami palaging nagco-condom. Malakas ang pamimilit na HUWAG gumamit. Kaya umalis ako. Ngayon, dito ako sa isang bahay na KAILANGAN mag-condom. Nakakabawas ito ng maraming pangamba at pagtatalo."**
**—Anita**

**Mag-organisa para sa dagdag na kaligtasan.** Sa sama-samang pagtatrabaho at pagsuporta sa isa't isa, matutulungan na bumaba ang banta ng karahasan mula sa mga kustomer, pulis at bugaw. Sumama sa ibang babaeng nasa prostitusyon para magplano kung paano ninyo susuportahan at poprotektahan ang isa't isa.

**Matuto ng mga bagong kasanayan.** Puwede ninyong pagsikapang mag-organisa ng programa na nagtuturo ng pagbabasa at pagsusulat, o mga kasanayang panghanapbuhay. Minsan puwedeng turuan ng mga babae ang isa't isa ng bagong kasanayan, o magpatulong mula sa mga tao sa komunidad na maaaring magturo.






Kapag may ibang kasanayan ang isang babaeng nasa prostitusyon, maaari siyang kumita sa ibang trabaho. Mas makakapili siya ng lalaking katalik, o puwede siyang tumanggi sa isang kustomer kung nakakadama siya ng panganib.

**Magbuo ng pondong utangan o paluwagan.** May isang grupo ng mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon sa Nairobi, Kenya na nagtipon ng pera nila para makabuo ng pondong mauutangan ng mga miyembro. Marami ang gumagamit ng pondo para sa pag-aaral ng anak. Nagpapaluwagan naman ang ibang grupo para matulungan ang isa't isa na magtayo ng maliliit na negosyo, para kumita sa ibang paraan maliban sa pagbebenta ng seks.

Maraming grupo ng mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon ang nagsisikap na baguhin ang negatibong pananaw ng ibang tao sa kanila. Halimbawa, ipinagbabawal ng isang organisasyon sa Calabar, Nigeria na mag-away sa kalye o sa bahay-aliwan ang mga kasapi nila. Hindi rin pinapayagan ang mga miyembro na gumamit ng salita o magsuot ng damit na maaaring ikagalit ng komunidad. Sa pagbabago ng mga bagay na nagpapadali sa komunidad na punahin sila, umaasa ang mga babae na baka maunawaan ng mga tao na sila'y simpleng mga babae na nagtatrabaho para mabuhay.

## *Maaaring makatulong ang komunidad*

Maaaring tulungan ng komunidad ang mga babaeng nasa prostitusyon na mag-organisa para sa mas ligtas na kondisyon sa trabaho. Puwede kang:

- magdemanda ng batas na paparusa sa mga nagsasamantala sa mga babaeng nasa prostitusyon. Kasama dito ang mga may-ari ng bahay-aliwan, bugaw, pulis, kustomer at drug pusher.
- ipatigil sa mga pulis ang pagmaltrato sa mga babaeng nagtatrabaho sa prostitusyon.
- ikampanya ang batas na hihimok sa pag-condom ng mga kustomer sa prostitusyon. Halimbawa sa Thailand, alituntunin ng Ministro ng Kalusugan na gumamit ng condom ang mga babaeng nasa prostitusyon. Kung hindi, puwedeng ipasara ang bahay ng prostitusyon o pagmultahin. Nakatulong ang batas na ito para igiit ng mga babae ang pag-condom. Proteksyon ito sa mga babaeng nasa prostitusyon, sa mga lalaking nagbabayad, at sa mga asawa nila.




Puwede ka ring kumilos para mapigilan ang pagbenta o pagpuwersa ng mga bata sa prostitusyon:

- Kausapin ang mga magulang tungkol sa mga panganib ng pagbebenta ng mga batang babae na magtrabaho sa ibang bansa.
- Magbigay ng tulong, tulad ng trabaho, *pagpapayo*, lugar na kukupkop sa mga batang lumalayas sa pamilya. Sa tulong mo, hindi sila mapipilitang magbenta ng seks para mabuhay.

## *Para sa health worker*

Pinakamalaki ang magagawa mo kung tutulong ka sa babaeng nasa prostitusyon na makuha ang kailangang pangangalaga:

- Magbigay ng parehong magalang na pag-alaga sa kanila tulad ng binibigay mo sa iba.
- Matutong magsuri at maggamot ng mga INP. Tingnan ang kabanata sa “Impeksyon na Naihahawa sa Pagtatalik (INP) at Iba Pang Impeksyon sa Ari,” pahina 261.
- Alamin kung anong gamot ang abot-kaya at pinakamabisa sa ngayon, at sikaping magtabi palagi nito.
- Maghanap ng regular at sapat na pagkukunan ng libre o murang condom para sa iyong komunidad. Ilagay ito sa lokal na health center, tindahan, bar, cafe, kainan at sa kamay ng mga outreach workers.
- Tiyaking may serbisyong pangkalusugan na abot-kamay, kasama na ang *pagpaplano ng pamilya*, pagpapalaglag, at libre o murang paggamot sa mga INP at sa pang-aabuso ng droga.